OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: [signature]
Date: 11/26/24 Time: 8:40

# KAPASIYAHAN BLG. 2024-101

**"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSAN BLG. 001, H-2024 NG BARANGAY CAMBAOG, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA KARAGDAGANG LAANG GUGULIN (*SUPPLEMENTAL BUDGET NO. 1*) PARA SA TAONG 2024 NA NAGKAKAHALAGA NG TATLONG DAAN PITONG LIBO, TATLONG DAAN APATNAPU'T SIYA NA PISO AY APATNAPU'T LIMANG SENTIMO (₱307,349.45)."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Cambaog, Bustos, Bulacan para sa kanilang karagdagang laang gugulin para sa taong 2024 na nagkakahalaga ng ₱307,349.45;

**SAPAGKA'T,** ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga mamamayan ng Barangay Cambaog at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kautusan ng Barangay Cambaog ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kautusan Blg. 001, H-2024 ng Barangay Cambaog, Bustos, Bulacan na nauukol sa karagdagang laang gugulin (*Supplemental Budget No. 1*) para sa taong 2024 na nagkakahalaga ng Tatlong Daan Pitong Libo, Tatlong Daan Apatnapu't Siyam na Piso at Apatnapu't Limang Sentimo (₱307,349.45).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-21 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Nina Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Weyner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Engr. Fortunato SJ. Angeles, MPA**
ABC President

**Kyle Gabrielle DR. Navarro**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ▪ ——

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-21 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim